

# County ng Santa Clara

## Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan

Opisyal ng Pangkalusugan  
976 Lenzen Avenue, 2<sup>nd</sup> Antas  
San José, CA 95126  
408.792.5040



### MANDATORYANG DIREKTIBA PARA SA MGA PROYEKTO NG KONSTRUKSYON

**\*Mangyaring kumpirmahin na ang inyong pasilidad at/o lugar ng trabaho ng proyekto ng konstruksiyon ay maaaring magbukas sa ilalim ng Kautusan ng Estado. Kung may pagkakaiba sa pagitan ng lokal na Kautusan ng County at ng Kautusan ng Estado, dapat na sundin ang mas mahigpit na kautusan. Mayroon din ang Estadong tiyak na patnubay para sa ilang mga pasilidad na dapat sundin bilang karagdagan sa mandatoryang direktiba na ito.\***

**Inilabas: Hulyo 7, 2020**

Ang impormasyon tungkol sa Kautusan ng Estado at patnubay ng Estado ay makikita sa [covid19.ca.gov](https://covid19.ca.gov).

Habang kritikal ang industriya ng konstruksiyon upang matiyak ang ligtas at sapat na mga tirahan at komersyal na espasyo, ang gawaing konstruksiyon ay maaari ring magdulot ng mga makabuluhang panganib sa kalusugan ng publiko dahil sa pandemyang COVID-19. Sapagkat ang mga proyekto ng konstruksiyon ay karaniwang nagsasangkot ng maraming manggagawa na aktibong nagtatrabaho sa isang lugar ng trabaho nang sabay, madalas na malapit sa isa't isa o pagbabahagi ng kagamitan, mga negosyo at indibidwal na nagsasagawa at nangangasiwa ng mga proyekto ng konstruksiyon ay dapat gumawa ng karagdagang pag-iingat upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 para sa mga manggagawa, bisita, at iba pa. **Itong Direktiba ay nalalapat sa lahat ng mga proyekto ng konstruksiyon, ngunit ang mga paghihigpit ay nag-iiba ayon sa laki ng proyekto, tulad ng tinukoy sa ibaba.**

Ang "proyektong konstruksiyon" ay nangangahulugang anumang gawain (kabilang ang isang proyektong pamublikong gawa) na isinasagawa kaugnay sa konstruksiyon, pagbabago, pagbabagong loob, pag-angkop, pag-remodel, pagkukumpuni, pag-refurbish, demolisyon, pag-dekomisyon, o pagbuwag sa isang gusali o iba pang istruktura; ang paghahanda ng isang pisikal na lokasyon para sa anumang aktibidad; at edukasyon o pagsasanay kung saan ang anumang ganyang aktibidad ay itinuro sa pamamagitan ng kasanayan o karanasan sa lokasyon. Ang "proyektong konstruksiyon" ay hindi kasama ang arkitektura, disenyo, pinansiyal, o gawaing

Mandatoryang Direktiba para sa mga Proyekto ng Konstruksiyon (Inilabas na Kautusan Hulyo 2, 2020)  
Pahina 1 ng 15

Lupon ng mga Superbisor: Mike Wasserman, Cindy Chavez, Dave Cortese, Susan Ellenberg, S. Joseph Simitian  
Ehekutibo ng County: Jeffrey V. Smith

pang-administratibo na may kaugnayan sa isang proyekto ng konstruksiyon, maliban kung ang gawaing iyon ay nangyayari sa lugar ng konstruksiyon. Ang "proyektong konstruksiyon" ay hindi rin kasama ang pangunahing trabaho ng pag-aayos o pagpapanatili, na nangangahulugang trabaho ng pag-aayos o pagpapanatili na hindi hihigit sa 2 manggagawa at hindi hihigit sa 2 araw at iyon ay hindi arkitektura, pinansyal, o administratibong nauugnay sa isang aktibong proyekto ng konstruksiyon.

Ipinapaliwanag nitong Direktiba kung paano maaaring magpatakbo ang mga proyekto ng konstruksiyon. Itong Direktiba ay mandatorya, at ang kabiguang sundin ito ay paglabag sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan na inilabas Hulyo 2, 2020 ("Kautusan"). Ang mga proyekto ng konstruksiyon ay dapat sumunod sa Kautusan at sa lahat ng mga kinakailangan nitong Direktiba.

### ***Ang Kautusan na Inilabas noong Hulyo 2***

Ang Kautusan ay nagpapataw ng ilang mga paghihigpit sa lahat ng mga negosyo at aktibidad upang matiyak na ang County ay mananatiling ligtas hangga't maaari, kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

**Ang Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao:** Dapat magkumpleto at magsumite ang lahat ng mga negosyo ng pinakabagong bersyon ng Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao sa County gamit ang online form, makukuha [dito](#). Ang Protokol ay isinumite sa ilalim ng parusa na bawal na magsinungaling, nangangahulugan na ang lahat ng nakasulat sa form ay dapat totoo at tumpak sa pinakamahusay sa kaalaman ng pumirma, at ang pagsusumite ng hindi totoong impormasyon ay isang krimen. Ang Protokol ay dapat na maipamahagi sa lahat ng mga manggagawa, at dapat itong magagamit ng lahat ng mga opisyal na nagpapatupad ng Kautusan. Responsable ang mga negosyo sa pagtiyak na maunawaan at sanay ang mga manggagawa sa mga kinakailangan ng Protokol sa isang wika na naiintindihan nila. Para sa anumang negosyo na nagsasagawa lamang ng mga serbisyo para sa mga nakakalat na pasilidad o lugar ng trabaho na hindi nagmamay-ari o nagpapatakbo ng negosyo, dapat kumpletuhin ng negosyo ang isang Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao para sa pagpapatakbo nito sa kabuuan. Para sa anumang negosyo na mayroong pasilidad, ngunit gumagawa din ng mga serbisyo sa mga nakakalat na pasilidad o lugar ng trabaho na ang negosyo ay hindi nagmamay-ari o nagpapatakbo, ang negosyo ay dapat magkumpleto ng isang Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao para sa sarili nitong pasilidad at ibigay ang Protokol sa mga nagmamay-ari o nagpapatakbo ng anumang pasilidad kung saan ito nagpapatakbo.

- Halimbawa: Ang isang kumpanya ng konstruksiyon ay isang sub-kontratista sa iba't ibang mga lugar ng trabaho sa buong County at nagpapatakbo din ng isang pasilidad na base sa loob ng County, kung saan pinapanatili nito ang kanilang mga sasakyan at kagamitan. Dapat kumpletuhin ng sub-kontratista ang isang Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao para sa pasilidad nito. Dapat din ipamahagi nito ang Protokol sa mga may-ari o mga nagpapatakbo ng mga lugar ng trabaho kung saan ipinapadala

nito ang mga manggagawa nito. Ang mga manggagawa ng sub-kontratista ay dapat bigyan ng kopya ng, sanayin sa, at sumunod sa mga pamamaraan sa Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao ng sub-kontratista at ang Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao para sa anumang lugar ng trabaho kung saan sila nagsasagawa ng trabaho.

- **Palatandaan:** Ang lahat ng mga negosyo ay dapat mag-print ng (1) isang na-update na Palatandaan na COVID-19 PREPARED at (2) isang Talaan ng Impormasyon ng Bisita ng Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao, at dapat na mai-post ang pareho na madaling makikita sa lahat ng mga pasukan ng pasilidad. Ang mga ito ay magagamit para sa pag-print pagkatapos ng pagsusumite sa online ng Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao.
  - Ang mga negosyo ay hindi kailangang mag-post ng mga dokumentong ito kung wala silang sariling pasilidad o lugar ng trabaho at magsasagawa *lamang* ng mga serbisyo para sa mga nakakalat na pasilidad o lugar na pinagtatrabahuhan na hindi pinapagmay-ari o pinapatakbo ng negosyo.
- **Mga Panakip sa Mukha:** Ang bawat isa sa pasilidad ng negosyo o lugar ng trabaho ay dapat magsuot ng panakip sa mukha sa lahat ng oras (maliban sa mga maliliit na bata, ang mga tao na hindi marapat na medikal ang mga panakip sa mukha, o para sa komunikasyon ng o sa mga taong may kapansanan sa pandinig). **Ang mga panakip sa mukha ay dapat i-suot kahit na nagtatrabaho sa isang proyekto ng konstruksyon.** Ang mga manggagawa ay hindi kailangang magsuot ng panakip sa mukha kung lilikha ito ng panganib sa taong may kaugnayan sa kanilang trabaho, alinsunod sa mga patnubay sa kaligtasan sa lugar ng trabaho ng lokal, estado, o pederal.
- **Limitasyon ng Densidad:** Ang lahat ng mga negosyo ay dapat limitahan ang bilang ng mga tao na maaaring nasa loob ng pasilidad nang sabay. Para sa mga miyembro ng kawani, ang limitasyon ay 1 tao bawat 250 na kabuuang talampakang kuwadrado ng espasyo sa pasilidad (nangangahulugan ito ng kabuuang espasyo, kabilang ang mga lugar na bukas lamang sa mga kawani tulad ng mga silid ng imbakan). Para sa mga miyembro ng publiko, ang limitasyon ay 1 tao bawat 150 talampakang kuwadrado ng espasyo na bukas sa publiko. Tinutukoy ng mga kinakailangan sa densidad sa mga negosyo kung gaano karaming mga tao (kawani o mga kliyente) ang maaari nilang ipasok sa kanilang pasilidad bago umalis ang ibang tao. Ang mga batang wala pang 12 na edad na magkasama sa magulang o tagapag-alaga ay hindi binibilang sa limitasyon, ngunit binibilang ang lahat ng mga taong may edad na 12 pataas. **Ang Direktibang ito ay naglalarawan ng limitadong pagbubukod sa limitasyon ng densidad na naaangkop lamang sa mga lugar ng trabaho ng proyekto ng konstruksyon.**

Tingnan ang [Kautusan](#) at ang [pahina ng FAQ](#) para sa karagdagang mga detalye.

Bilang karagdagan sa mga pangkalahatang kinakailangan na naaangkop sa lahat ng mga negosyo sa ilalim ng Kautusan, ang mga proyekto ng konstruksyon ay dapat sumunod sa mga sumusunod na direktiba.

### ***May Pagbubukod ang mga Proyekto ng Konstruksyon sa Sariling Sambahayan***

Hindi nalalapat ang itong Direktiba sa mga proyekto na konstruksyon kung nagsasagawa ng konstruksyon ang isang tao sa kanilang kasalukuyang paninirahan o nag-iisa lamang sa mga miyembro ng kanilang sariling sambahayan.

### ***Mga Panuntunan para sa mga Proyekto ng Konstruksyon ng Isang-Manggagawa***

Inilista nitong seksyon ang mga kinakailangan para sa mga proyekto ng konstruksyon na isinagawa ng 1 manggagawa lamang, tulad ng isang taong nagtatrabaho nang nag-iisa sa isang proyekto ng pag-remodel ng kusina. Ang bahaging ito para sa mga proyektong nag-iisang manggagawa ay hindi nalalapat sa mga proyekto ng konstruksyon na kinasasangkutan ng maraming manggagawa, kahit na 1 manggagawa lamang ang nasa lugar ng trabaho sa anumang oras; ang mga proyektong iyon ay dapat sundin ang Mga Panuntunan para sa Lahat ng mga Proyekto ng Konstruksyon, na nakalista sa susunod na seksyon.

- a. Kung ang manggagawa ay nagtatrabaho para sa isang negosyo, ang manggagawa ay dapat sumunod sa Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao ng negosyong iyon.
- b. Ang manggagawa ay dapat mapanatili ang 6 na talampakan ng distansya mula sa lahat ng iba pang mga tao sa lahat ng oras, kabilang kapag pumapasok at umalis sa lugar ng trabaho o gusali.
- c. Ang manggagawa ay dapat gumamit at maayos na magsuot ng mga panakip sa mukha. Bilang karagdagan, ang manggagawa ay dapat magsuot ng iba pang personal na kagamitang pang-proteksiyon (PPE) na angkop para magamit sa konstruksyon, kabilang ang mga guwantes, salamin, at/o mga kalasag sa mukha.
- d. Hangga't maaari, dapat i-sara ng manggagawa ang lugar ng pagtatrabaho upang may hadlang sa pagitan ng manggagawa at ng iba pang mga tao sa gusali. Halimbawa, ang isang manggagawa na nagsasagawa ng konstruksyon sa pasilyo ng isang tirahan ay dapat mag-install ng isang hadlang (tulad ng sapin na plastik) sa pagitan ng lugar kung saan nagtatrabaho ang manggagawa at ang ibang bahagi ng pasilyo.
- e. Dapat hugasan ng manggagawa na madalas ang mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o gumamit ng sanitizer ng kamay na may hindi bababa sa 60% na alkohol.

- f. Ang manggagawa ay hindi dapat magtrabaho o pumunta sa lugar ng trabaho kung ang manggagawa ay may lagnat, ubo, o anumang mga sintomas ng COVID-19.
- g. Ang manggagawa ay dapat magpanatili ng mga talaan ng mga petsa at oras na ang manggagawa ay nasa lugar ng trabaho at dapat na makuha agad ang mga rekord na iyon kapag hiniling ng sinumang opisyal ng County.
- h. Kung positibo ang pagsusuri ng manggagawa para sa COVID-19, dapat ipaalam ng manggagawa ang Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County sa loob ng 4 na oras pagkatapos nalaman ang positibong resulta sa pagsunod sa mga tagubilin sa [www.sccsafeworkplace.org](http://www.sccsafeworkplace.org).

***Mga Panuntunan para sa Lahat ng Mga Proyekto ng Konstruksyon (Maliban sa mga Proyekto ng Konstruksyon ng Isang-Manggagawa)***

Ang seksyong ito ay naglilista ng mga kinakailangan para sa lahat ng mga proyekto ng konstruksyon (maliban sa mga proyekto ng konstruksyon na isang-manggagawa).

\*Tandaan: Ang mga Malalaking Proyekto ng Konstruksyon ay dapat ding sumunod sa mga karagdagang mga kinakailangan, na inilarawan simula sa pahina 12.\*

*1. Mga Responsibilidad ng Pangkalahatang Kontratista at mga Subkontratista*

- a. Ang negosyo na may responsibilidad na pangasiwaan ang isang proyekto ng konstruksyon, na inilarawan sa Direktibang ito bilang "Pangkalahatang Kontratista," ay dapat magkumpleto at magsumite ng [Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao](#) tiyak sa lugar ng konstruksyon ng proyekto ng konstruksyon. (Ang Pangkalahatang Kontratista ay maaaring mangailangan ding magsumite ng mga protokol ng pagdistansya mula sa ibang tao para sa baseng pasilidad nito o para sa iba pang mga lugar ng trabaho na sakop ng Direktibang ito.)
- b. Ang Pangkalahatang Kontratista ay may pananagutan sa pagtiyak na ang lahat ng trabaho at operasyon sa lugar ng konstruksyon ay isinasagawa bilang pagsunod sa Kautusan, ang Direktibang ito, at ang Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao.
- c. Dapat sanayin ng Pangkalahatang Kontratista ang mga manggagawa nito upang sumunod sa Kautusan, ang Direktibang ito, at ang Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao na partikular sa lugar ng trabaho.
- d. Ang mga sub-kontratista ay hindi kailangang magsumite ng kanilang sariling mga tiyak sa lugar ng trabaho na Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao para sa isang lokasyon, ngunit hindi dapat pahintulutan ng Pangkalahatang Kontratista

ang sinumang sub-kontratista sa lugar ng trabaho maliban kung ang sub-kontratista ay nagbigay sa Pangkalahatang Kontratista ng isang napirmahang sertipikasyon na:

- i. nabasa ng sub-kontratista ang Kautusan na ito at ang Direktibang ito at susunod sa kanila;
- ii. nabasa na ng sub-kontratista ang partikular sa lugar ng trabaho na Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao ng Pangkalahatang Kontratista at sinanay ang mga manggagawa nito sa Protokol; at
- iii. nakumpleto na ng sub-kontratista at nagsumite ng sarili nitong Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao na sumasakop sa mga operasyon nito, at nagbigay ng isang kopya ng Protokol na iyon sa Pangkalahatang Kontratista.

2. *Ang mga Pangkalahatang Kontratista at Mga Sub-kontratista ay Dapat Mag-report ng mga Positibong Kaso ng COVID-19*

- a. Kapag nalaman ng Pangkalahatang Kontratista na ang isang tao na nasuring positibo para sa COVID-19 ay nasa lugar ng trabaho sa loob ng 48 oras ng petsa na nagpasuri sila o sa loob ng 48 oras na nagsimula ang mga sintomas, dapat ipatupad na agad ng Pangkalahatang Kontratista ang tiyak sa lugar ng trabaho na mga pamamaraan ng Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao para sa kapag ang isang tao ay nasuring positibo para sa COVID-19. Lahat ng mga positibong kaso ay dapat i-report sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa [www.sccsafeworkplace.org](http://www.sccsafeworkplace.org).
- b. Lahat ng mga sub-kontratista ay dapat na agad (sa loob ng 1 oras, anuman ang oras ng araw) mag-alerto sa Pangkalahatang Kontratista kapag nalaman nila na ang isang empleyado ay nasuring positibo na kasalukuyang nasa lugar ng trabaho, o kung sino ang nasa lugar ng trabaho sa loob ng 48 oras ng petsa na nagpasuri sila o sa loob ng 48 na oras na magsimula ang mga sintomas. Ang kinakailangan sa pag-report ay bilang karagdagan sa sariling mga kinakailangan sa pag-report ng sub-kontratista sa ilalim ng Kautusan at ang mga pamamaraan sa Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao ng sub-kontratista.

3. *Paglilinis Pagkatapos Natukoy ang Positibong Kaso*

Sa pag-alam ng isang nakumpirmang positibong kaso sa lugar ng trabaho sa huling 48 oras, ang anumang lokasyon kung saan pumunta ang nahawaang manggagawa ay dapat isarado at i-sanitize kaagad. Ang trabaho sa mga lokasyon na ito ay dapat tumigil hanggang sa matapos ang sanitasyon.

4. *Ang Pangkalahatang Kontratista ay Responsable para sa Pagtiyak sa Lugar ng Trabaho ay Pinatatakbo nang Ligat na Sumusunod sa Lahat ng mga Kinakailangan sa Ligal*
- a. Dapat tiyakin ng Pangkalahatang Kontratista na ang bawat isa sa lugar ng trabaho — kabilang ang kanilang mga manggagawa, ang mga manggagawa ng sub-kontratista, at mga bisita - ay sumusunod sa Kautusan, ang Direktibang ito, ang Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao, at anumang iba pang mga batas at regulasyon na nalalapat sa trabaho (halimbawa, mga kinakailangan ng OSHA at Cal-OSHA). Kung mayroong isang salungatan sa kung ano ang hinihiling ng iba't ibang mga batas, ang pinakamahigpit na pamantayan ay nalalapat.
  - b. Ang responsibilidad ng Pangkalahatang Kontratista sa pagtiyak sa pagsunod sa lugar ng trabaho sa ilalim ng parapong ito ay 4 hindi, gayunpaman, pinapawi ang anumang mga sub-kontratista ng kanilang sariling mga responsibilidad sa ilalim ng Kautusan, ang kanilang Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao, ang Direktibang ito, at lahat ng iba pang naaangkop na mga batas at regulasyon.
  - c. Ang sinumang manggagawa, o anumang sub-kontratista, ay maaaring mag-file ng isang reklamo na ang Pangkalahatang Kontratista ay hindi sumusunod sa Kautusan, ang Direktibang ito, o ang tiyak sa lugar ng trabaho na Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao, o na ang Pangkalahatang Kontratista ay nabigo na humiling sa iba na sumunod. Ang mga reklamo ay maaaring isampa sa Linya ng Abiso ng Tanggapan ng Pagpapatupad ng Pamantayan sa Paggawa ng County (866-870-7725) o website ([www.sccfairworkplace.org](http://www.sccfairworkplace.org)).
5. *(Mga) Itinalagang Superbisor ng COVID-19*
- a. Dapat magtalaga ang Pangkalahatang Kontratista sa isang tiyak na lugar ng trabaho na Superbisor o mga Superbisor ng COVID-19 upang maipatupad ang tiyak sa lugar ng trabaho na Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao at ang Direktibang ito. Ang itinalagang (mga) Superbisor ng COVID-19 ay dapat na naroroon sa lugar ng trabaho sa lahat ng oras sa panahon ng mga aktibidad ng konstruksyon. Ang isang Superbisor ng COVID-19 ay maaaring isang manggagawa sa lugar ng trabaho na itinalagang maglingkod sa tungkuling ito. Dapat mag-post ang Pangkalahatang Kontratista ng isang palatandaan sa lahat ng mga pasukan sa lugar ng trabaho na malinaw na nagpapakilala sa pangalan ng Superbisor ng COVID-19 at pagbibigay ng kanilang numero ng telepono at email address.
  - b. Ang itinalagang (mga) Superbisor ng COVID-19 ay dapat basahin ang Direktibang ito at ang Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao na partikular sa lugar ng trabaho sa lahat ng mga manggagawa at iba pang mga tao sa lugar ng trabaho. Ang Pangkalahatang Kontratista ay may pananagutan sa pagtiyak na

nangyayari ito.

- c. Ang Supervisor ng COVID-19 ay dapat na subaybayan at matiyak na ang pagpapatupad sa lugar ng trabaho ang lahat ng mga kinakailangan sa Direktibang ito, ang Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao, at ang Kautusan.

6. *I-hiwalay ang Lugar ng Proyekto ng Konstruksyon mula sa Ibang mga Bahagi ng mga Lugar na may Tao*

Kung saan nangyayari ang gawaing konstruksyon sa loob ng isang gusali ng tirahan o komersyal na may mga tao, ang lahat ng mga sumusunod na patakaran ay nalalapat:

- a. Dapat mai-hiwalay ang mga lugar ng trabaho, hangga't magagawa, mula sa ibang bahagi ng gusali (at mula sa ibang bahagi ng tirahan, kung ang gawain ay isinasagawa sa loob ng tirahan) na may mga pisikal na hadlang tulad ng sapin na plastik o mga saradong pintuan na natatakpan ng tape.
- b. Kung maaari, dapat na maaabot ng mga manggagawa ang lugar ng trabaho mula sa (mga) ibang pintuan na pasukan/labasan mula sa (mga) pintuan na pasukan/labasan na ginagamit ng mga residente o nakatira na pumupunta sa ibang bahagi ng gusali na hindi bahagi ng gawaing konstruksyon.
- c. Ang mga magagamit na bintana at/o mga pintuan ay dapat gamitin upang maaliwalas ang lugar ng trabaho sa oras ng trabaho at anumang iba pang mga oras na ginagawa ang trabaho.
- d. Kung pinutuntahan ng mga residente o nakatira sa lugar ng trabaho sa pagitan ng mga araw ng pagtatrabaho, ang lugar ng trabaho ay dapat linisin at disimpektahin sa simula at sa pagtatapos ng bawat araw ng pagtatrabaho.
- e. Dapat gawin ang bawat pagsisikap upang mabawasan ang pakikipag-ugnay sa pagitan ng mga manggagawa at residente o nakatira, kabilang ang pagpapanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakan ng pagdistansya mula sa ibang tao sa lahat ng oras.

7. *Personal na Kagamitang Pang-proteksyon (PPE)*

Dapat makuha ng Pangkahalatang Kontratista, magbigay ng walang gastos sa mga manggagawa, at hiniling na ang lahat ng mga manggagawa ay gumamit ng personal na kagamitang pang-proteksyon (PPE) na angkop para magamit sa konstruksyon, kasama ang mga guwantes, salamin, mga kalasag sa mukha, at mga panakip sa mukha na naaangkop sa aktibidad na isinagawa. Dapat magsuot ng mga panakip sa mukha na pagsunod sa mandatoryang Patnubay para sa Paggamit ng mga Panakip sa Mukha ng



Estado at anumang karagdagang mga direktiba na inilabas ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County. Hindi maaaring magagamit sa anumang oras ang gradong-medikal na PPE sa isang lugar ng konstruksyon maliban kung ito ay kinakailangan dahil sa kalikasang medikal ng lugar ng trabaho o ng kinakailangang kaligtasan sa lugar ng trabaho na lokal, estado, o pederal.

8. *Pagdistansya Mula sa Ibang Tao, Pag-sanitize, at iba pang mga Pamamaraan*

a. Ang Pangkalahatang Kontratista ay dapat:

- i. Tiyakin ang pagsunod sa lugar ng trabaho sa mga limitasyon ng densidad ng Kautusan maliban sa sobrang limitadong lawak ng isang mas mataas na densidad ay pansamantalang kinakailangan upang ligtas na magagawa ang isang tiyak na pagsagawa ng trabaho.
  1. Ang mga limitasyon ng densidad ay nalalapat sa lahat ng mga panloob na lugar kung saan aktibong isinasagawa ang gawaing konstruksyon. Ang mga limitasyon ng densidad ay hindi nalalapat sa mga lugar ng pagtatanghal o mga lugar na nakalatag na hiwalay sa lugar kung saan isinasagawa ang aktibong gawaing konstruksyon.
- ii. Pagtatatag ng iba't ibang oras para sa iba't ibang shift, pahinga, at tiyak sa gawain na trabaho kung kinakailangan upang mabawasan ang densidad at payagan ang madaling pagpapanatili ng pagdistansya na hindi bababa sa 6-talampakan. Ang pagtatatag ng iba't ibang oras para sa iba't shift at pahinga ay dapat sumunod sa naaangkop na mga batas sa sahod at oras.
  1. Lahat ng mga tao ay dapat mapanatili ang hindi bababa sa 6-talampakang distansya maliban sa sobrang limitadong saklaw ng mas maiikling distansya ay pansamantalang kinakailangan upang ligtas na magagawa ang isang tiyak na trabaho.
- iii. Tanggalin o lutasin ang "mga choke point" at "mga lugar na may mataas na panganib" kung saan hindi napapanatili ng mga manggagawa ang 6-talampakan na pagdistansya mula sa ibang tao. Dapat ipagbawal o hadlangan ng Pangkalahatang Kontratista ang paggamit ng mga lugar na ito upang matiyak na ang 6-talampakan na distansya ay madaling mapanatili sa pagitan ng mga indibidwal.
- iv. Kung maaari, siguraduhin na kumakain at magpahinga ang mga manggagawa sa labas, at mapanatili ang pagdistansya mula sa ibang tao sa panahon ng pagkain at pahinga.

- v. Ipagbawal ang mga pagtitipon ng anumang laki sa lugar ng trabaho (maliban sa mga pagpupulong na hinihiling ng Direktibang ito), kasama ang mga pagtitipon para sa mga pahinga o pagkain. Ang pagbabahagi ng anumang pagkain o inumin ay mahigpit na ipinagbabawal.
  - vi. Kinakailangan ng Cal-OSHA na magbigay ng tubig ang mga employer. Ang tubig ay dapat ibigay sa mga lalagyan na isang-paggamit.
  - vii. Ipinagbawal ang paggamit ng mga microwave, water cooler, at iba pang magkatulad na kagamitan na ibinahagi.
- b. Ang mga manggagawa ay dapat:
- i. Maliban kung mahigpit na kinakailangan upang magawa ang isang trabaho, mapanatili sa lahat ng oras ng hindi bababa sa 6-talampakang pagdistansya mula sa ibang mga kapwa manggagawa at lahat ng mga bisita sa lugar ng trabaho, kabilang ang mga manggagawa ng pag-delivery, mga propesyonal ng pang-disenyo at iba pang mga konsultant ng proyekto, mga kinatawan ng ahensya ng gobyerno (kabilang ang mga inspektor ng gusali at bombero), at mga residente ng mga lugar ng konstruksyon ng tirahan.
  - ii. Hindi mag-carpool papunta at mula sa lugar ng trabaho maliban sa iba na nakatira sa loob ng parehong sambahayan, o kung kinakailangan dahil wala silang alternatibong paraan ng transportasyon. Kung ang mga manggagawa mula sa iba't ibang mga sambahayan ay dapat mag-carpool, dapat silang magsuot ng mga panakip sa mukha habang magkakasamang sumakay sa parehong sasakyan, umupo sa pinakamalayong distansya, at mapanatili ang bentilasyon sa pamamagitan ng pagpapanatiling bukas ang mga bintana bilang magagawa.

9. *Paunawa ng mga Kinakailangang Pamamaraan para sa mga Manggagawa at mga Bisita*

Dapat mag-post na madaling makikita ang Pangkalahatang Kontratista ng isang paunawa sa lahat ng mga pasukan sa lugar ng trabaho na nakikita ng lahat ng mga manggagawa at mga bisita na nagtuturo sa mga manggagawa at mga bisita na gawin ang sumusunod:

- a. Huwag hawakan ang inyong mukha gamit ang di-nahugasang kamay o guwantes.
- b. Kung ibinahagi ang kagamitan, dapat itong ganap na i-sanitize bago at pagkatapos ng bawat paggamit.
- c. Hugasan na madalas ang inyong mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi

bababa sa 20 segundo sa bawat oras o gumamit ng sanitizer ng kamay na may hindi bababa sa 60% na alkohol.

- d. Madalas linisin at disimpektahin ang mga bagay at ibabaw tulad ng mga istasyon ng trabaho, keyboard, telepono, mga handrail, mga makina, mga ibinahaging kagamitan, mga pindutan ng kontrol sa elevator, at mga doorknob.
- e. Takpan ang inyong bibig at ilong ng isang tisyu o tela kapag umubo o bumahing, o umubo o bumahing sa inyong siko/manggas - hindi kailanman sa inyong mga kamay.
- f. Huwag pumasok sa lugar ng trabaho kung mayroon lagnat, ubo, o iba pang mga sintomas ng COVID-19. Kung nakaramdam kayo ng sakit, o nalantad sa sinumang may sakit, manatili sa bahay.
- g. Patuloy na tiyaking nananatili kayong hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo mula sa mga katrabaho sa lahat ng oras, maliban kung talagang kinakailangan na lumapit upang makumpleto ang isang gawain para sa proyekto ng konstruksyon.
- h. Huwag mag-carpool papunta at mula sa lugar ng trabaho sa sinuman maliban sa mga miyembro ng inyong sariling sambahayan, o kung kinakailangan dahil walang alternatibong paraan ng transportasyon. Kung nag-carpool na mag-kasama sa mga tao mula sa ibang sambahayan, dapat kayong magsuot ng panakip sa mukha habang magkakasamang sumakay sa parehong sasakyan.
- i. Huwag magbahagi ng mga telepono o PPE.

Ang mga palatandaan na sumusunod sa kinakailangang ito ay magagamit para sa pag-download sa <https://www.sccgov.org/sites/covid19/Pages/learn-what-to-do-flyers.aspx>.

10. *Makipagtulungan sa Imbestigasyon ng Kaso ng County at mga Pagsisikap ng Pagsubaybay ng Nakipag-ugnay*

Ang Pangkalahatang Kontratista ay dapat mapanatili ang isang pang-araw-araw na talaan ng pagdalo ng lahat ng mga manggagawa at mga bisita sa lugar ng trabaho na may kasamang impormasyon ng pakikipag-ugnay (kasama ang pangalan, numero ng telepono, address, at email) at ang petsa, oras, at tagal ng pagkakaroon ng bawat tao sa lugar ng trabaho. Kung ang isang tao sa lugar ng trabaho ay nasuring positibo para sa COVID-19, ang Pangkalahatang Kontratista ay ligal na kinakailangan upang tulungan ang [Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng County](#) sa anumang imbestigasyon ng kaso at sa mga pagsisikap sa pagsubaybay ng nakipag-ugnay.

11. *Subaybayan at Ipaalam sa mga Superbisor at Sub-kontratista ng Nabago na mga Kinakailangan*

Dapat regular na repasuhin ng Pangkalahatang Kontratista para sa mga pagbabago sa Kautusan, ang Direktibang ito, ang nauugnay na patnubay na tiyak sa industriya na inilathala ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng California, at iba pang mga nauugnay na patakaran o gabay. Dapat ipagbigay-alam ng Pangkalahatang Kontratista ang lahat ng mga superbisor sa trabaho (kasama ang itinalagang (mga) Superbisor ng COVID-19, lahat ng mga superbisor sa larangan, foremen, at direktor ng kaligtasan) at lahat ng mga sub-kontratista ng anumang mga pagbabago o pagdaragdag sa mga kinakailangan para sa mga proyekto ng konstruksyon.

***Karagdagang mga Panuntunan para sa Malalaking Proyekto ng Konstruksyon***

Inilalarawan ng seksyong ito ang mga karagdagang mga kinakailangan na nalalapat lamang sa mga Malalaking Proyekto ng Konstruksiyon.

12. *Ano ang isang Malaking Proyekto ng Konstruksyon?*

Ang isang "Malaking Proyekto ng Konstruksyon" ay isang proyekto ng konstruksyon na nakakatugon sa alinman sa mga sumusunod na pagtutukoy:

- a. Para sa mga proyektong tirahan, ang anumang isang-pamilya, maraming-pamilya, matatanda, estudyante, o iba pang proyekto ng konstruksyon ng tirahan na bumubuo ng 10 na tirahan; o
- b. Para sa mga komersyal na proyekto, ang anumang proyekto ng konstruksyon na bumubuo ng 20,000 o higit pang mga talampakang kuwadrado ng lugar ng sahig; o
- c. Para sa mga halo-halong mga proyekto ng konstruksyon, ang anumang proyekto ng konstruksyon na nakakatugon sa alinman sa mga pagtutukoy sa itaas sa mga Subparapo (a) at (b); o
- d. Anumang proyektong pang-imprastruktura na nangangailangan ng 20 o higit pang mga manggagawa sa lugar ng trabaho sa anumang oras.

13. *Karagdagang mga Responsibilidad sa Pagsunod, Pagsubaybay, at Pag-remedyo ng Superbisor ng COVID-19*

- a. Ang itinalagang Superbisor ng COVID-19 ay dapat:

- i. Magsagawa ng pang-araw-araw na mga pagtatagubilin na personal (na may wastong pagdistansya mula sa ibang tao) o sa pamamagitan ng teleconference na dapat mapag-usapan ang mga sumusunod na paksa:
  1. Ang mga bagong patakaran sa lugar ng trabaho at mga paghihigpit sa paglalakbay sa bagong pagdating sa lugar ng trabaho para sa pag-iwas ng pagkalat ng COVID-19 sa komunidad.
  2. Repasuhin ang mga pamamaraan ng pag-sanitize at kalinisan.
  3. Ang mga komento ng manggagawa sa pagpapabuti ng kaligtasan at pag-sanitize.
  4. Ang koordinasyon ng mga pang-araw-araw na kinakailangan ng paglinis/pag-sanitize sa lugar ng konstruksyon.
  5. Anumang bagong magagamit na impormasyon tungkol sa COVID-19.
  6. Ang mga pang-emerhensiyang protokol kung sakaling magkaroon ng pagkakalantad o pinaghihinalaang pagkakalantad sa COVID-19.
- ii. Sa bawat araw, i-patunay at i-rekord ang pagpapatunay na ang bawat lugar ng trabaho ay sumusunod sa Direktibang ito. Dapat mangolekta ang Pangkalahatang Kontratista ng bawat nakasulat na katunayan, iimbak ang mga ito nang hindi bababa sa 1 taon, at gawin itong makukuha kaagad kapag hilingin ng sinumang opisyal ng County.
- iii. Magsagawa ng mga sumusunod na aktibidad upang matiyak na handa ang lugar ng trabaho upang ayusin ang anumang mga paglabag sa Direktibang ito:
  1. Bumuo ng isang plano ng pag-remedyo;
  2. Kung natukoy ang anumang hindi pagsunod, tiyaking ipinatupad ang plano ng pag-remedyo, at mai-post ang planong pag-remedyo sa lahat ng mga pasukan sa lugar ng trabaho sa panahon ng pag-remedyo;
  3. Itigil ang anumang aktibidad ng konstruksyon hanggang ang lugar ng trabaho ay bumalik sa pagsunod; at

4. I-report ang paulit-ulit na hindi pagsunod sa Direktibang ito sa naaangkop na mga superbisor ng lugar ng trabaho at ang nagpapahintulot na ahensya para sa lokal na gobyerno kung saan matatagpuan ang proyekto.
- b. Ang Pangkalahatang Kontratista ay responsable sa pagtiyak na ang itinalagang Superbisor ng COVID-19 ay gumagawa ng lahat nitong mga pamamaraan.

14. *Superbisor sa Pananagutan ng Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho (JSAS)*

Ang Pangkalahatang Kontratista ay dapat magtalaga ng isang COVID-19 Pangatlong-Partidong Superbisor ng Pananagutan ng Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho (JSAS) para sa lugar ng trabaho. Ang JSAS ay hindi maaaring empleyado ng Pangkalahatang Kontratista. Ang JSAS ay dapat na pinakamababa na mayroong isang sertipiko ng OSHA-30 at pagsasanay sa first-aid, o katulad na mga kredensyal, mula sa loob ng nakaraang 2 taon. Ang JSAS ay dapat na sanayin sa mga kinakailangan ng Direktibang ito at ang tiyak sa lugar ng trabaho na Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao at dapat patunayan ang pagsunod sa mga kinakailangan, kasama ang inspeksyon sa pagtingin at mga panayam ng mga manggagawa. Dapat inspektahin ng JSAS ang lugar ng trabaho nang madalas hangga't kinakailangan upang matiyak ang pare-parehong pagsunod, ngunit hindi bababa sa isang beses bawat linggo. Dapat inspektahin ng JSAS ang lugar ng trabaho sa mga normal na oras ng konstruksyon.

- a. Dapat mag-post na madaling makikita ang Pangkalahatang Kontratista ng isang palatandaan sa lahat ng mga pasukan sa lugar ng trabaho na nakikita ng lahat ng mga manggagawa at mga bisita na malinaw na kinikilala ang JSAS para sa lugar ng trabaho sa pamamagitan ng pangalan at pagbibigay ng kanilang numero ng telepono at email address.
- b. Sa loob ng 7 araw ng kalendaryo sa bawat pagbisita sa lugar ng trabaho, dapat makumpleto ng JSAS ang isang nakasulat na pagtatasa na nagtutukoy ang anumang kabiguang sumunod sa Direktibang ito. Ang nakasulat na pagtatasa ay dapat kopyahin, maiimbak, at, mai-pakita sa kahilingan ng County o lokal na nagpapahintulot na ahensya.
- c. Kung nadiskubre ng JSAS na ang isang lugar ng trabaho ay hindi sumusunod sa Direktibang ito at ang tiyak na lugar ng trabaho na Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao, ang JSAS ay dapat magtrabaho kasama ang itinalagang Superbisor ng COVID-19 upang bumuo at magpatupad ng isang plano ng pag-remedyo.
- d. Ang JSAS ay dapat makipag-ugnay sa itinalagang Superbisor ng COVID-19 upang ipagbawal ang pagpapatuloy ng anumang aktibidad sa trabaho na hindi sumusunod sa Direktibang ito o sa partikular sa lugar ng trabaho na Protokol ng

Pagdistansya Mula sa Ibang Tao. Dapat tiyakin ng JSAS na ang aktibidad ng trabaho ay hindi maipagpapatuloy hanggang sa maayos ang hindi pagsunod at ang patuloy na gawain ay sumusunod sa Direktibang ito.

- e. Dapat maipadala ang planong pag-remedyo sa isang lokal na nagpapahintulot na ahensya at sa itinalagang opisyal ng County sa loob ng 5 araw ng kalendaryo pagkatapos matuklasan ng JSAS ang kabiguang sumunod.

15. *Pagsasalin para sa mga Manggagawa na Hindi Nagsasalita ng Ingles*

Dapat isalin ng Pangkalahatang Kontratista (at, kung saan kinakailangan, i-post) ang lahat ng mga sumusunod na dokumento hangga't kinakailangan upang matiyak na maiintindihan ang mga dokumento ng lahat ng mga manggagawa na hindi nagsasalita ng Ingles:

- a. Ang Paunawa para sa mga Manggagawa at Bisita ng mga Kinakailangan na Pamamaraan na inilarawan sa Parapo 9 (sa pahina 10).
- b. Ang planong pag-remedyo na inilarawan sa Parapo 13.a.iii.1 (sa pahina 13).

***Manatiling may Kaalaman***

Para sa mga sagot sa mga madalas na mga katanungan tungkol sa industriya na ito at iba pang mga paksa, mangyaring tingnan ang [pahina ng FAQ](#). **Mangyaring tandaan na ang Direktibang ito ay maaaring ma-update.** Para sa napapanahong impormasyon sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan, bisitahin ang website ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng County sa [www.sccgov.org/coronavirus](http://www.sccgov.org/coronavirus).